# Pagpapahalagang Pilipino sa mga Piling Siday ng San Julian, Silangang Samar (Filipino Values in Selected Siday of San Julian, Eastern Samar)

Ian Mark P. Nibalvos, M.A
***San Beda University***

**Abstract:** *Lydia P. De la Rosa argues that "Values are expressed specially in literature." Based on this claim, the researcher attempted to identify Filipino values in selected siday (or Lineyte-Samarnon poems) written by "paragsiday" (or poets) in the town of San Julian, Eastern Samar. This research used three theories on values in analyzing the poems: the classification of Filipino values developed by Timbreza in 2003; the taxonomy of values developedby Bulatao, Gorospe, Cordero, Paterno and Crisol; and Schwartz's Theory of Basic Human Values in 1992. Intertextual Analysis was also used to help evaluate the Filipino values that are contained in the poems. Twenty-two values were determined from the ten Lineyte-Samarnon poems. Nineteen of these are classified as Recurring Filipino Values or values typically possessed by Filipinos or San Juliananons, while three values were not included in any classification or theory. These values are: listening to advise, giving importance to the elderly, and concern for the youth. These are the Emerging Filipino Values or values unique to San Juliananons as Filipinos or to the Filipinos.*

**Keywords:** *Siday, Pagpapahalagang Pilipino, Recurring Filipino Values, Emerging Filipino Values*

## Ang Pagpapahalaga

Ang salitang pagpapahalaga ay nangangahulugang isang bagay na kanais-nais, mahalagang taglayin ng isang tao, at bagay na mayroong kapakinabangan.[1] Ayon kay Timbreza, ang tao mismo ang kanyang sariling pagpapahalaga.[2] Paliwanag niya, tayo ay ano at sino dahil sa ating mga pagpapahalaga, kung paano

[1] Florentino T. Timbreza, Filipino values today (Navotas, Metro Manila: Navotas Press, 2003), 1.

[2] Timbreza, Filipino values today, 4.

tayo namumuhay, kumikilos, nagtatrabaho, nag-iisip, humuhusga at gumagawa ng mga desisyon batay sa ating sistema ng pagpapahalaga. Samantala, sa papel ni Dr. Nur Silay na A Survey of Values Education and Its Connection with Character Education noong taong 2013, nabanggit niya ang kahulugang ibinigay ni Halstead (1996), ito ay mga prinsipyo, mga pangunahing pananalig, mga hangarin, mga pamantayan o mga pagkakataon sa buhay na nagsisilbing pangkalahatang gabay sa pag-uugali o gawi o bilang batayan sa paggawa ng desisyon o sa ebalwasyon ng mga paniniwala at kilos.

## Ang Panitikan Bilang Instrumento sa Pagtuturo ng mga Pagpapahalagang Pilipino

"One of the important symbols of being a Filipino is his values," saad ni Adanza.[3] Ang isang Pilipino ay nagtataglay ng iba't ibang pagpapahalaga, positibo man o negatibo. Lahat ng ito ay kumakatawan sa kung ano ang isang Pilipino sa pisikal, intelektwal, at maging sa emosyonal na pananaw nito. Ang mga pagpapahalagang ito ay naisasalin-salin mula sa isang henerasyon

Talahanayan 1
Katuturan ng mga Salitang Ginamit

| Mga Salita | Kahulugan |
|---|---|
| *Siday* | Ang Siday ay termino o katawagang karaniwang ginagamit para sa tula sa Silangang Bisayas. Ito ay ginagamit o binibigkas upang purihin ang kabayanihan ng mga ninuno, ang kagandahan ng isang babae, o ang katapangan ng isang mandirigma. |

[3] Jonathan Adanza, "Traversing 21st century Filipino values and clinical competence of nurses in selected healthcare institutions in Bacoor City, Cavite" (presentasyon, DLSU Research Congress, De La Salle University, Manila, Marso 6-8, 2014), nakuha mula sa www.dlsu.edu.ph/ conferences /dlsu_research_congress/.../LCCS-I-001-FT.pdf.

| | |
|---|---|
| Pagpapahalagang Pilipino | Ito ay ang salalayan ng interes, naisin, kagustuhan at hangarin ng mga tao. Dagdag pa niya, itinuturing itong mabuti, mahalaga, tama, angkop karapat-dapat, tanggap at naisin sa buhay ng mga tao. Ito rin ay maaaring isang bagay, ideya, tao, layunin, prinsipyo o panuntunan, pamantayan, kumbensyon o isang bisyon. |
| *Pagpapahalagang Pilipino Recurring Filipino Values* | Ang mga pagpapahalagang karaniwan o nangingibabaw at makikita sa tatlong teoryang ginamit sa pagsusuri ng mga pagpapahalagang Pilipino sa mga piling siday o tulang Lineyte-Samarnon. |
| *Emerging Filipino Values* | Ang mga pagpapahalagang wala sa tatlong klasipikasyon o natatanging pagpapahalaga ng lugar o lipunang paksa ng pananaliksik. |

hanggang sa mga susunod na henerasyon at napapanatiling buhay sa paglipas ng panahon,[4] at ito ay pinahahalagahan sa lahat ng kultura.[5] Paliwanag pa ni Adanza, ang mga pagpapahalagang Pilipinong ito ay makatutulong sa pagkakaroon ng buhay na disiplinado at binibigyang-konsiderasyon nito ang pagtukoy sa kung ano ang mabuti at masama, gayundin naman kung ano ang tama o mali.

Binanggit ni Timbreza sa kanyang aklat na *Filipino Values Today* noong 2003 na ang pilosopiya ng pagpapahalaga ng mga Pilipino

[4] Tomas Andres, Filipino values (Quezon City: Paulinian, 1989), nabanggit sa Adanza, "Traversing 21st century Filipino values" at Ute Schonpflug, "Intergenerational transmission of values 32," Journal of Cross-Cultural Psychology 32 (2001), nabanggit sa Ali Pakizeh, Jochen Gebauer, at Gregory Maio, "Basic human values: Inter-value structure in memory," Journal of Experimental Social Psychology 43, 459, https://pdfs.semanticscholar.org/dd3c/6eb104954c4e6414bd43c8bf757b12f5dbf8.pdf.

[5] Anat Bardi at Shalom Schwartz, "Values and behaviour: Strength and structure of relations," Personality and Social Psychology Bulletin 29 (2003), nabanggit sa Ali Pakizeh, Jochen Gebauer, at Gregory Maio, "Basic human values."

ay nagmumula sa iba't ibang hibla ng panitikan at pasalindilang tradisyon na sumasalamin sa mga karanasan ng mga Pilipino na nagpapakita ng kanilang kultura, pamumuhay, paniniwala, hangarin, pagpapahalaga, at ang kanilang pakikipag-ugnayan sa isa't isa. Isang patunay lamang na ang panitikan ay tagapagdala ng tatak ng nakaraan at ng buhay sa kasalukuyan. Nasasalamin sa mga pasalindilang panitikan ang mga magagandang kaugalian, saloobin, paniniwala o prinsipyo, at ang mga bagay-bagay na may kaugnayan din sa payak at walang pagkukunwari nilang pang-araw-araw na pamumuhay at pagpapahalaga sa kanilang pagkalahi.[6] Kaya naman, pagbibigay-tuon pa ni Arrogante, hindi kailanman maitatatwa na sa mga ito nasasalamin ang tunay na pagkatao at pagkalahi ng mga Pilipino at pagkamakabansa ng Pilipinas. Ang pasalindilang panitikan ang tunay na pamana ng lahi at dapat na ariing kayamanan ng kulturang Pilipino.

Kailangan nating ungkatin ang nakaraan at lingunin ang mga yaman ng ating kultura upang mabigyan tayo ng gabay at inspirasyon ng ating mga ninuno.[7] Kailangan nating muling buhayin ang mga pagpapahalaga at katuturang katutubo na ipinamana pa sa atin ng ating mga dakilang ninuno. Sinabi rin niya na ang mga matatalinong kasabihan, prinsipyong moral, sawikain, paniniwala, mga awitin, mito, parabula at pabula ang siyang naging daan upang maipasa nila ang kanilang mga kaisipan, obserbasyon, at persepsiyon ng reyalidad upang maging sensitibo tayo sa bagay na ito at upang malasap natin ang yaman ng pagkataong kanilang ipinamana sa atin. Nabanggit ni Clarizza Ambida-Loberio sa kanyang pag-aaral na *Sulyap sa Panulaan ng Makabagong Panahon: Isang Paglalarawan ng Kulturang Pilipino* noong 2010, bawat katha ay nagsisilbing tulay ng pag-unawa upang lalong malirip ang mensaheng naghahatid ng katangiang kultural kasama ang pagtuklas ng mga pagpapahalagang huhubog sa kadakilaan ng tao. Pagpapalawig pa niya, ang kultura ay masasalamin sa panitikan. Lahat ng sangkap ng kultura – gaya ng mga pagpapahalaga ay naisasalin at naituturo sa mag-aaral sa pamamagitan ng kritisismong pampanitikan

"Values are expressed specially in literature," pagpapahayag ni Lydia P. Escober – De la Rosa sa kanyang tesis-masterado na

[6] Jose Arrogante, Panitikang Filipino: Binagong edisyon, (Quezon City: National Bookstore, 2004).

[7] Timbreza, Filipino values today, 59.

*Community Values as Reflected in the Folktales of Barrio Salvacion, Bobon, Northern Samar* noong taong 1978. Sinasang-ayunan naman ito Rosario, na ang mga akdang pampanitikan ay nagtataglay ng mga pagpapahalaga na epektibong materyal sa pagtuturo ng panitikan.[8]

## Ang Pagpapahalaga ng Kabataan sa Kasalukuyan

Ang lipunan ay nagbabago, kasabay ng mga pagbabagong ito, mula sa tradisyonal na lipunan tungo sa isang moderno o makabagong lipunan, nababago rin ang mga pagpapahalaga at mga gawain ng mga tao.[9] Ayon pa kina Shivalli, Chitagubbi, at Devendrapa, dahil sa pag-unlad ng lipunan, sumasabay din sa pagbabago ang mga pagpapahalaga na umaaayon sa katangian ng isang mundong patuloy ding nagbabago na nagdulot sa paghina at pagwawalang-bahala sa pagpapahalagang moral sa kasalukuyang lipunan. Nasabi pa sa kanilang pananaliksik na nakita sa lipunan ang pagbaba ng pamantayang moral at ang pagtaas naman ng interes sa kasiyahan kontra sa mas seryosong bagay. Ang paghina ng pagpapahalagang moral ay nagdulot ng kawalan ng disiplina sa lahat ng antas ng lipunan at ang epekto nito ay makikita sa kanilang pag-uugali tulad ng pandaraya, kawalan ng dignidad at paggalang, at korupsyon.

Batay sa kanilang pananaliksik na *Perception of Values of Present College Youth Towards Marriage* noong taong 2012, nabanggit na ang mga pagpapahalagang binibigyang-halaga sa kasalukuyan ay ang pagsisinungaling, kawalang-galang, kawalan ng kooperasyon, ang pakikipagrelasyong may kapalit na benepisyong makukuha, pang-aabuso sa dignidad, ang pagkawala sa pagmamalaki dahil sa kasipagan, ang pagtaas ng interes sa paggawa ng mga di makatarungang bagay at iba pang krimen makuha lamang ang kayamanang inaasam-asam.

Ang pagkawala ng mga pagpapahalagang pantao ayon kay Gupta, ay isang penomenon sa maraming bansa sa mundo.[10] Dagdag pa niya, ang pagbaba o pagkawalang ito ay nagbabadya ng seyosong banta sa

[8] Aileen Joy Rosario, "Analysis of selected Iloko poems by Godofredo S. Reyes," Di limbag na tesis, (University of Northern Philippines, 2009), nabanggit sa Pernalyn Cabasal, "Analysis of selected Philippine short stories from 2000 to 2010," Di limbag na tesis, (University of Norther Philippines, 2012).

[9] Rajeshwari Shivalli, Geeta Chitagubbi, at S Devendrapa, "Percetion of values of present college youth towards marriage," International Journal of Farm Sciences 2 (2012), 153-158. https://www.inflibnet.ac.in/ojs/index.php/IJFS/article/download/2176/1784.

[10] Pallavi Gupta, "Degradation of human values in higher education: An analysis," International Journal of Research- Granthaalayah 4 (2016), 68. http://granthaalayah.com/ Articles/Vol4Iss1/21_IJRG16_A01_34.pdf.

pag-unlad ng bansa sa hinaharap at maging sa kaligtasan, paggalang at kapangyarihan. Sa kanyang pag-aaral na *Degradation of Human Values in Higher Education: An Analysis* noong taong 2016, nagbigay siya ng tatlong dahilan sa pagkawala ng mga pagpapahalang pantao sa *Higher Education* o kolehiyo: 1.) ang kakulangan ng positibong kapaligiran sa pagkatuto, 2.) ang kakulangan ng akademikong silabus na may kaugnayan sa pagpapahalagang pantao, at 3.) ang kakulangan ng mga extracurricular na mga gawain batay sa mga pagpapahalagang pantao. Dahil sa kawalan ng tamang edukasyon sa pagpapahalaga sa mga kolehiyo, nahaharap sa maraming suliranin ang lipunan tulad ng paglabag sa mga karapatang pantao ng mga taong nasa katungkulan o may kapangyrihan, ang pang-aabuso sa kabataan at kababaihan, ang pagsasabuhay ng mga moral at etikal na pagpapahalaga sa pangalan lamang at hindi pagbibigay-pansin sa pagsasawa nito, at ang materyalismo ng mga mag-aaral na isang malaking salik na nakapagdudulot ng suliraning sikolohikal sa kanila.

Isa sa mga pangunahing suliranin ng edukasyon sa kasalukuyan ay ang pagkawala ng mga moral at ispiritwal na pagpapahalaga ng kabataan.[11] Pagdaragdag pa ni Plaza-Galigao, ang pananampalataya, paggalang sa matatanda, pangangalaga sa sarili, pagkamatulungin, kasipagan, at pangmoral na pakikiramdam ay unti-unti nang nawawala dahil sa mga materyal na kanilang pinanonood at nababasa ngayon. Nabanggit pa niya na ang mga maling pagpapahalaga at hindi angkop na asal sa publiko o pribadong buhay ay nagdadala sa kanila sa hindi kanais-nais na landas.


## Ang Pinalawig na Teorya sa Pagsusuri ng mga Pagpapahalagang Pilipino sa mga Akdang Pampanitikan

Makikita sa Pigura 1 ang isang sistematikong proseso sa paglalarawan sa kultura ng isang lugar bilang kanilang identidad o pagkakakilanlan na nabuo sa pag-aaral na ito. Ito ay nagsisimula sa pagsusuring mga akdang pampanitikan sa pamamagitan ng paglalapat ng tatlong teorya o klasipikasyon ng mga pagpapahalagang Pilipino ni Timbreza, nina Bulatao, Gorospe, Cordero, Paterno at Crisol at ni Schwartz. Ginamit din katulong ng mga teoryang nabanggit ang

[11] Regina Galigao, "Filipino values In selected Cebuano folklore: Basis for a propsed course syllabus," Di limbag na tesis, (University of San Jose – Recoletos, 1997).

*Intertextual Analysis*. Mula sa mga ito, tutukuyin naman kung ano ang mga *recurring Filipino values* o ang mga pagpapahalagang karaniwan o nangingibabaw at mga *emerging Filipino values* o mga pagpapahalagang wala sa tatlong klasipikasyon o natatanging pagpapahalaga ng lugar o lipunang paksa ng pananaliksik.Nagbigay ng labing-anim na klasipikasyon ng mga pagpapahalagang Pilipino si Timbreza noong 2003 na makikita sa kanyang aklat na *Filipino Values Today*. Ayon sa kaniya, ang pagpapahalagang Pilipino ay maaaring sa iba't ibang paraan o anyo: isang pilosopiya sa buhay, personal na karangalan, ugnayang pantao, prinsipyo o isang tuntuning isinasabuhay, isinasagawa, iniisip, binibigyang-katuwiran, sinusuri, ginagawang batayan sa mga desisyon, at ikinikilos. Ang mga ito ay ang: pagkatao; kahinahunan, pagkamahinahon, paghuhunos-dili; kakayahang mabuhay o makaligtas sa hirap ng buhay; sipag, kasipagan o sikap, pagsisikap at pagtitiis o pasensya; mahusay na pakikitungo o pakikibagay o pakikipag-ayos at pakikipagkasundo; paggawa; pagpapasimuno, pagkukusa, pagpapanimula o pangunguna; pamilya; pakikipagkapwa-tao; pag-iwas o pagkontra sa karahasan; edukasyon; relihiyon; pagiging malugod, magiliw at mabuting pagtanggap sa mga panauhin, kagandahang-loob sa mga bisita, mapagbigay sa pakikitungo, bukas ang tahanan sa mga panauhin; kalayaan at pagmamahal sa bansa; at pagkakaroon ng sariling disiplina.

**Pigura 1.**
**Pinalawig na Teorya sa Pagsusuri ng mga Pagpapahalagang Pilipino sa mga Akdang Pampanitikan**




Inisa-isa rin nina Bulatao, Gorospe, Cordero, Paterno at Crisol ang mga pagpapahalagang Pilipino na ginamit naman ni Jovita G. Serdoncillo sa kanyng pag-aaral na *Pagsasalin at Pagsusuring Kultural sa Panulaan ni Iluminado Lucente at ang Implikasyon Nito sa Pagtuturo ng Panitikang Pilipino* noong taong 1982, upang suriin ang mga pagpapahalagang Pilipino sa mga siday ni Lucente. Ito ay ang: pagpapahalaga sa kababaihan; pagtitiyaga, pagtitiis at pagbabata; pananagutang pagmamagulang; hiya; patalismo; utang

na loob; pakikisama; pag-ibig sa Diyos; kahalagahang pampamilya; pagkamakabansa; paggalang sa awtoridad; kahalagahang pangkabuhayan; pagtitiwala sa sariling kakayahan; pagpapahalaga sa puri at dangal at kalinisang moral; kamalayan sa nakaraan; at pagpapahalaga sa harmoniya, kapayapaan at kaayusan.

Ayon kay Gorospe, ang mga pagpapahalagang ito ay itinuturing na unibersal at maaaring makita sa mga tao mula sa iba't ibang kultura o lahi. Masasabing ito ay taglay rin mga Pilipino o maaaring tawaging mga pagpapahalagang Pilipino.[12] Pagsasaad ni Gorospe, kung ang mga pagpapahalagang ito ay mauunawaan lamang nang mabuti lalo na ng mga kabataan o mag-aaral, sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila, makatutulong ito upang makagawa sila ng mga angkop na desisyon sa maka-Kristiyanong paraan sa tuwing sila ay humaharap sa mga matitinding krisis.

Sa teorya naman na *Theory of Basic Human Values* ni Shalom H. Schwartz, inisa-isa ang sampung mga pangunahing pagpapahalaga na isang pagpapalagay na ang mga ito ay kumakatawan sa tatlong unibersal na kailanganin ng tao: ang mga biyolohikal na pangangailangan ng bawat indibidwal, ugnayang panlipunan, at ang kakayahan o kasanayan sa mga gawain at kaligtasan ng buhay.[13] Ang mga nabanggit na mga unibersal na kailanganin ng tao ay ang nagbigay-daan upang mabuo ni Schwartz ang teoryang ito.[14] Ito ay ang sumusunod: tagumpay, kawanggawa o kabaitan, pag-alinsunod o pagsang-ayon, hedonismo, kapangyarihan, seguridad o kaligtasan, pagkakaroon ng direksyon sa buhay, pagbibigay-sigla o pagbibigay-buhay, tradisyon, at unibersalismo.

Ang teorya sa pagpapahalaga ni Schwartz ay batay sa anim na mga katangiang kinilala na rin sa mga pag-aaral ng ibang mga *theorist*.[15] Ang anim na katangiang ito ay: ito ay mga paniniwala, ito ay tumutukoy sa mga kanais-nais na layuning nag-uudyok sa kilos o aksyon ng isang tao, ito ay nararapat na mangibabaw sa bawat aksyon at sitwasyon, ito ay nagsisilbing pamantayan o batayan, ito ay

---

[12] Jaime Butalao at Vitaliano Gorospe, Split-level Christianity/ Christian Revewal of Filipino values (Quezon City: Ateneo University Press, 1966), 20.

[13] Shalom Schwartz, "Basic human values: An overview," (2005), 1-2, http://segr-did2.fmag.unict.it/allegati/convegno%207-8-10-05/schwartzpaper.pdf ;Ali Pakizeh, Jochen Geabauer, at Gregory Maio, "Basic human values," 459; Shalom Schwartz, "An overview of the Schwartz theory of basic values," Readings in Psychology and Culture 2, no. 1 (2012): 459, nakuha noong Marso 18, 2018 https://scholarworks.gvsu.edu/orpc/vol2/iss1/11/ (Schwartz, 2005; Pakizeh, Gebauer, & Maio, 2007; Schwartz, 2012).

[14] Ali Pakizeh, Jochen Geabauer, at Gregory Maio, "Basic human values,"

[15] Shalom Schwartz, "An overview of the Schwartz theory of basic values,"

pinagsunod-sunod batay sa kahalagahan nito, at ito ay nagsisilbing gabay sa kilos o aksyon.

Ginamit sa pananaliksik na ito ang iba't ibang teorya upang matunton ang layunin ng pag-aaral, ang matukoy ang mga pagpapahalagang ito upang mabatid ng kasalukuyang henerasyon ng mga mag-aaral o kabataan ang kayamanang itong nagmula pa sa kanilang mga ninuno. Sa pamamagitan din ng pananaliksik na ito, maibabahagi sa iba, lalo na sa mga guro at iskolar, ang mga siday na naririnig lamang sa mga bibig ng mga matatandang miyembro ng lipunan. Nararapat na ito'y magamit sa pagtuturo o pag-aaral upang mapanatiling buhay ang kultura ng mga San Juliananon at maisabuhay ang mga pagpapahalaganag Pilipinong nakapaloob dito.

## Ang mga Pagpapahalagang Pilipino sa mga Piling Siday

Batay sa masusing pagsusuri sa sampung siday na isinulat ng mga makata o "*paragsiday*" na mga San Juliananon mula sa iba't ibang barangay sa bayan ng San Julian, malinaw na kinapalolooban ito ng mga pagpapahalagang Pilipino na sumasalamin sa kultura ng mga tao sa lugar. Pinakanangibabaw sa mga pagpapahalagang natukoy ay ang pagmamahal sa bayan, pagpapahalaga sa kalikasan at pagkakaisa o pagkakasundo-sundo. Ilan pang mga pagpapahalaga ang lumabas tulad ng kalayaan, paggawa o kasipagan, pagpapahalaga sa pamilya, paglingon sa nakaraan, pagiging mapagkakatiwalaan o pagpapahalaga sa tiwala ng iba, pananampalataya o pagkamaka-Diyos, pagpapahalaga sa kababaihan, pagkamasunurin, pagtitiis o pagtitiyaga, pagtupad sa pangako, pagtanaw ng utang na loob, pagnanais na magkaroon ng isang masayang pamumuhay, pagsasaalang-alang sa kaligtasan ng iba, pakikinig sa payo, paggalang sa matatanda, pagkakaroon o pagtataglay ng mabuting asal, pagpapahalaga sa matatanda, pagmamalasakit o pagpapahalaga sa kabataan, at pagmamahal ng anak sa kanyang magulang.

Makikita ang **pagmamahal sa bayan o lupang sinilangan** sa unang saknong ng tulang "An Libas" (Ang Libas) ni Wencisa G. Sugalan. Mahihiwatigan na ang kanyang pag-ibig sa kanyang lupang sinilangan na naipahayag niya sa pamamagitan ng paghanga sa kagandahan nito lalo na sa kapaligiran. Mayroon silang pag-aangkin sa lugar na kanilang kinalalagyan sapagkat inaako nila

ang responsibilidad na ito'y mapangalagaan upang mapanatili ang kagandahan at kayamanan nitong taglay.

| | |
|---|---|
| *An Libas nga baryo maupay nga kabutang* | *Ang baryo ng Libas maayos ang kalagayan* |
| *Aton inaatubang, bukana hit San Julian* | *Ating hinaharap, bukana ng San Julian* |
| *Matin-aw nga tubig hiton kadagatan* | *Malinaw na tubig ng karagatan* |
| *Naglalangoy-langoy mga kaisdaan.* | *Lumalangoy-langoy iba't ibang uri ng isda.* |
| | (Pagtutumbas sa wikang Filipino ng mananaliksik) |

Nailalahad rin sa tulang "Catarman" ni Bonifacio S. Durens ang pagmamahal ng persona sa kanilang bayan na siyang pamagat mismo ng tula at pagpapahalaga sa mga likas na yaman at biyayang natatamo. Isinaad dito ng persona na handa siyang maglingkod sa kanyang bayan bilang pagpapakita ng kanyang pag-ibig sa lupang nagbibigay sa kanya ng kasiyahan. Katulad rin ng mga Libasnon o ng mga San Julinanon, laging nasa kanilang gunita kahit saan mang sulok ng mundo sila mapadpad, ang kanilang pag-ibig sa kanilang nayon o bayan.

| | |
|---|---|
| *O' Catarman akon* | *O, Catarman, my beloved* |
| *Buhi ka gud san am panumduman* | *You live in my memory* |
| *Takus ka gud pagserbihan namon* | *It is just that we serve you* |
| *Angay higug-maon* | *It is meet that you are loved* |
| *O' Catarman, pagmalipayon* | *O, Catarman your happiness* |
| *Gin updan san Birhen* | *Is blessed by Our Lady of the Annunciation* |
| | (Pagsasalin sa wikang Ingles ni Ma. Corazon Ontimare-Tiberio) |

Samantala, nakapaloob naman ang **pagpapahalaga sa kalikasan** sa tulang "*Ay Nena Akon Hinigugma*" (Ay Nena, Aking Minahal). Ito ay pagpapakita na ang mga San Juliananon, lalo na sa Barangay Nena, ay may likas na pagpapahalaga at pagbibigay-pansin sa kanilang kapaligiran o kalikasan at kung papaano ito nakatutulong sa kanilang pamumuhay. Makikita ito sa ikatlo at ikaapat na saknong ng tula. Ang paghanga ng mga San Juliananon sa kanilang kalikasan o kapaligiran ay nagbibigay sa kanila ng inspirasyon at motibasyon na pangalagaan ito sapagkat dito nagmumula ang kanilang ikinabubuhay.

| | |
|---|---|
| *Ha bawbaw nga dapit an mga kabubkiran* | *Sa itaas na bahagi ng kabundukan* |
| *Han Kantabas, Diyo,* | *Ng Kantabas, Diyo,* |
| *Makukunot ug Kabayabsan* | *Makukunot at Kabayabsan* |
| *Lukop hin kalubian* | *Puno ng mga niyog,* |
| *diin an mga tamsi nagluluparan* | *mga ibong nagsisiliparan* |
| *Magnamit nga mga huni* | *Mga huni'y masasarap pakinggan* |
| *ha mahudlum nga mga kakahuyan* | *Sa lilim ng kahuyan.* |
| | (Pagsasalin sa wikang Filipino ng mananaliksik) |

Naipakita rin ang pagpapahalgang ito sa siday ni Estrella Maqueda na "Catbalogan." Ipinahayag ng persona ang kanyang paghanga at pagmamalaki sa taglay na kagandahan ng kalikasan sa kanilang bayan, ang Catbalogan. Para sa mga Samarnon tulad ng mga Catbaluganon at San Juliananon, nararapat na bigyang-halaga ang kalikasan tulad ng kanilang kagubatan sapagkat ito'y biyaya sa kanila ng Maykapal. Itinuturing nila ang "kagugub-an" o kagubatan bilang isang tahanan kung saan matatagpuan ang kaligayahan tulad ng mga ibong nagsisiliparan at ang kasaganaan tulad naman ng mga bulaklak na sumisibol at humahalimuyak sa bango.

| | |
|---|---|
| *an imo mga kabukiran nga diin didto ko hipokrati* | *your hill where I discovered* |
| *an damo nga maka-iipa nga mga botang ha kinabuhi:* | *the many wonderful things of life:* |
| *huni hin makadirudilain nga mga tamsi,* | *the songs of birds,* |
| *hamot hin magkadirudilain nga mga bukad,* | *the sweet smells of various flowers,* |
| *bunga hin magkadirudilain nga mga kahoy,* | *the fruits of various trees,* |
| *boses hin magkadirudilain nga tominungnon didto nga mga hayop.* | *the sounds of various animals that live there.* |

*(*Ang pagsasalin na ito sa wikang Ingles ay nakuha mula sa *Ani Volume 6, Number 1,* 1990*)*



Ang **pagkakasundo-sundo o pagkakaisa** ay makikita naman sa tulang "*Ayat*" (Hamon) ni Eduardo S. Lingan. Pagkatapos ng ilang araw-araw na pagbabangayan at hindi pag-uusap-usap dulot ng magkakahiwalay na paniniwala tuwing eleksyon, sinisikap ng mga San Juliananon na unti-unting magkaunawaan at muling magkaroon ng maayos na relasyon ang bawat isa. Sinisikap ng nagwaging partido ang makipag-ayos sa kalaban na nauuwi sa kamayan at tawanan. Maliwanag itong nakapaloob sa dalawang saknong ng tula ni Lingan. Pinalilipas muna nila ang ilang araw upang mapag-isipan at hilumin ang sugat at sakit na dulot ng di pagkakasundo-sundo dahil lamang sa eleksyon. Ang mga magkakaibigang hindi nagpapansinan ay muling nagkakapalitan ng ngiti, ang mga magkakamag-anak na hind nagkakausap-usap ay muling nakakamustahan, at ang magkakapamilyang hindi nagkikibuan ay muling nagkakayakapan. Mas mahalaga sa kanila ang kanilang mga relasyon sa isa't isa kaysa mga materyal na bagay tulad ng mga hangarin sa politika kaya't ang mga nanalo at maging ang mga hindi pinalad sa eleksyon ay nagkakaisa para sa ikauunlad ng bayan.

*Ugrupod pagpitad*
*ha aton paglakat,*
*Inin kabubwason*
*ha at naghuhulat,*
*An pagkaurosa*
*akon man pag-aghat,*
*Tikus nga ungara,*
*hul-os ko nga AYAT.*

*Sama-samang humakbang*
*sa ating paglakad,*
*Ang kinabukasan*
*sa atin ay naghihintay,*
*Ang pagkakaisa'y*
*ay aking hinihimok,*
*Tunay na mithiin,*
*ang lubos kong HAMON.*

(Pagtutumbas sa wikang Filipino ng mananliksik)

Binanggit ni Palada sa kanyang disertasyon na hangad ng mga Samarnon at Leytenhon na magkaisa sa lahat ng layunin na makikita sa saknong ng tulang "An Pagkaurosa" (Ang Pakakaisa) ni Andrea A. Sagaoinit. Ang pagkakaisa ay nagdudulot sa buong bayan ng kaayusan at katiwasayan. Likas sa mga Sa Juliananon ang paghahangad na magkaroon ng isang masayang buhay o ang pagiging masiyahan. Kahit mahirap lamang ang kalagayan ng kanilang pamumuhay, nagagawa pa rin nilang ngumiti, tumawa at humalakhak upang maalis sa isipan ang kanilang mga problema. Kahit dumanas na isang malakas na hagupit ng bagyo ang kanilang lugar, makikita mo pa rin ang pag-asa at pagiging positibo sa kanilang mga mukha. Ang iba'y nagagawa pang magsayawan, mag-awitan at mag-inuman kahit maraming mga ari-arian ang nasira dulot ng bagyo.

| | |
|---|---|
| *Kamakaruruyag ha mata pagkit-on* | *Nakatutuwang isipin* |
| *Inen magburugto kon magka-oruyon,* | *Lahat tayo'y magiging masaya* |
| *Mga kaopayan aton hehemo-on* | *Kung magkakaisa mga kababayan natin* |
| *Basen an kalinaw hi kaplagan naton.* | *Upang maipadama mabubuting gawain.* |
| | (Pagsasalin sa wikang Filipino ni Jonas V. Palada) |

Ang tatlong pagpapahalagang nangibabaw ay mayroong kaugnayan sa pagkamakabansa o nasyonalismo. Ang kanilang pagmamahal sa bayan, pagpapahalaga sa kalikasan at pagkakaisa ay pagpapahalaga sa kultura ng mga Pilipino tulad ng pagsasakripisyo para sa ikauunlad ng bayan, paggalang at pagmamalaki sa mga kaugalian at tradisyon, pangangalaga sa likas na yamang taglay ng lugar, pagmamalaki sa mga magagandang tanawin tulad ng mga karagatan at kabundukan, pagtutulungan o bayanihan, pagkakapit-bisig para sa kabutihan at kaunlaran ng bayan, at iba pa.

Sa paggamit ng *intertextual* na pamamaraan ng pagsusuri, masasabi na ang mga kaisipang taglay ng mga may-akda ng mga piling siday ng San Julian ay may kaugnayan din sa kaisipan ng mga may-akda sa ibang lugar o kultura tulad ng mga Samareño sa Hilagang Samar o mga Leyteño sa sa Silangang Leyte, mga Tagalog, Ilokano at iba pang mga kultura. Ito ay nangangahulugan na ang kaisipang taglay ng mga piling *siday* ay hindi isang saradong sistemang taglay lamang ng mga San Julianon kundi ito ay kabahagi ng isang sistemang kultural na binubuo ng mga tao mula sa iba't ibang rehiyon o lahi. Ito rin ay magandang paghahalimbawa na ang isang mambabasa ay nakabubuo ng ugnayan o tulay sa akda at sa mga akdang kanya nang nabasa. Magkakaroon siya ng pag-unawa na ang kaisipan ng tao ay hindi lamang nananatili o nabubuo sa isang partikular na kultura kundi ito rin ay may kahalintulad na kaisipang taglay ng mga tao sa ibang kultura. Gayundin, kung bibigyan ng tuon ang mga pagpapahalagang nakapaloob sa mga ito, pinatototohanan nito na ang mga pagpapahalagang Pilipinong taglay ng mga San Juliananon ay unibersal o ito ay tinataglay rin ng mga Pilipino sa

iba't ibang probinsya o rehiyon ng ating bansa at maaaring taglay rin ng mga tao sa ibang panig ng mundo.

Batay sa pagsusuring ito sa pamamgitan ng paglalapat ng mga klasipikasyon ng iba't ibang mga *theorist*, lumilitaw na labinsiyam na mga pagpapahalagang Pilipino sa mga piling siday ang paulit-ulit na makikita sa mga ito. Ito ang tinatawag na mga *Recurring Filipino Values*. Ang mga pagpapahalagang ito ay masasabing karaniwan nang taglay ng mga Pilipino o ng mga San Juliananon. Samantala, tatlo naman ang mga pagpapahalagang hindi nabibilang sa kahit saan mang mga klasipikasyon. Ito ay ang pakikinig sa payo, pagpapahalaga sa matatanda, at pagmamalasakit o pagpapahalaga sa kabataan. Ito ang mga *Emerging Filipino Values* na taglay ng mga San Juliananon o mga pagpapahalagang Pilipino natatangi sa mga San Juliananon bilang mga Pilipino o sa mga Pilipino sa kabuuan.

Talahanayan 2.
Ang mga Recurring at Emerging na Pagpapahalagang Pilipino sa mga Piling Siday

| *Recurring* na Pagpapahalagang Pilipino | *Emerging* na Pagpapahalagang Pilipino |
|---|---|
| 1. Pagmamahal sa bayan<br>2. Pagpapahalaga sa kalikasan<br>3. Pagkakaisa o Pagkakasundo-sundo<br>4. Kalayaan<br>5. Paggawa o kasipagan<br>6. Pagpapahalaga sa pamilya<br>7. Paglingon sa nakaraan<br>8. Pagiging mapagkakatiwalaan o pagpapahalaga sa tiwala ng iba<br>9. Pananampalataya o pagkamaka-Diyos<br>10. Pagpapahalaga sa kababaihan<br>11. Pagkamasunurin<br>12. Pagtitiis o pagtitiyaga | 1. **Pakikinig sa payo** (Makikita ang pagpapahalagang ito sa dalawang taludtod ng tulang "Balinsasayaw" ni Eduardo S. Lingan: "Mga kadilikaduhan basi naton mapudngan/ Minsahe han Balinsasayaw, iyo pamatian" [Upang panganib na dala'y mapigilan/ Mensahe ng Balinsasayaw, ating pakinggan]. Ito ay ang pagbibigay konsiderasyon sa mga payo o mungkahi ng ibang tao lalo na ng mga taong marami nang karanasan sa buhay tulad ng mga magulang at matatanda sa lipunan.) |

| | |
|---|---|
| 13. Pagtupad sa pangako<br>14. Pagtanaw ng utang na loob<br>15. Pagnanais na magkaroon ng isang masayang pamumuhay<br>16. Pagsasaalang-alang sa kaligtasan ng iba<br>17. Paggalang sa matatanda<br>18. Pagkakaroon o pagtataglay ng mabuting asal<br>19. Pagmamahal ng anak sa kanyang magulang | 2. **Pagpapahalaga sa matatanda** (Makikita ang pagpapahalagang ito sa mga linya mula sa tulang "Dipensa" ni Romeo Quilona: "Pamilya Pilipino ungod nga buligan/ Basi mga kabataan, upod hira lolo/ Hira lola, mga kinahanglan nira/ Pag-atamanon matagan" [Pamilyang Pilipino'y tunay na tulungan/ Upang kabataan, kasama sina Lolo/ Sina Lola, mga kailangan nila/ Mabigyan ng kalinga]. Binibigyang ang mga matatanda sa lipunan ng puwang sa pagdedesisyon o pagpaplano sa ikabubuti ng pamayanan o ng buong bayan.)<br>3. **Pagpapahalaga sa kabataan** (Makikita ang pagpapahalagang ito sa mga linya mula sa tulang "Dipensa" ni Romeo Quilona: "Pamilya Pilipino ungod nga buligan/ Basi mga kabataan, upod hira lolo/ Hira lola, mga kinahanglan nira/ Pag-atamanon matagan" [Pamilyang Pilipino'y tunay na tulungan/ Upang kabataan, kasama sina Lolo/ Sina Lola, mga kailangan nila/ Mabigyan ng kalinga]. Naniniwala ang mga San Juliananon na ang kabataan ang siyang pag-asa ng kinabukasan ng kanilang bayan kaya naman pinahahalagahan nila ang mga ito tulad ng pagbibigay ng edukasyon.) |

Binibigyang-halaga ng mga San Juliananon ang pagbibigay-konsiderasyon sa mga payo o mungkahi ng ibang tao lalo ng mga taong marami nang karanasan sa buhay o ng kanilang mga magulang. Para sa kanila, ang pagsunod sa payo ay magdudulot o gagabay sa kanila tungo sa isang magandang kinabukasan. Malaki ang pagpapahalaga ng mga San Juliananon sa mga matatanda sapagkat sila ang pinagmumulan ng katalinuhang buhat sa mahabang taong karanasan. Malaki ang puwang ng mga matatanda sa pagdedesisyon o pagpaplano sa ikabubuti ng pamayanan o ng buong bayan. Pinahahalagahan din ng lubos ang mga kabataan sapagkat naniniwala rin silang nakasalalay sa kabataan ang magandang kinabukasan ng bayan. Sinisikap ng mga magulang na mapag-aral ang kanilang mga anak upang mabigyan sila ng magandang edukasyon na magagamit sa pagpapaunlad ng kanilang pamumuhay.

## Ang Pagkatao ng mga San Juliananon

Ang mga pagpapahalagang natukoy ay sumasalamin din sa kanilang pagkatao (ang uri ng kanilang pamumuhay, ang kanilang kaugalian at tradisyon, ang kanilang pakikipag-ugnayan sa kalikasan at sa kapwa tao, at ang kanilang pananampalataya) na nagbibigay-hugis sa kanilang kayariang pagkatao o *character strucuture*. Ang kayariang pagkatao na tinutukoy ni Timbreza ay may malaking kinalaman sa pagkakahubog ng pag-uugali at pagkilos ng isang indibidwal.[16] Maaaring matunton o matuklasan ito kung ating uunawain nang malalaliman ang ilang sangkap ng kanyang pag-iisip na napapaloob sa kanyang panitikan tulad ng mga *siday*, na tinatawag ding "bakas." Kung gayun, ang *siday*, bilang lunan ng mga bakas, ang mga pagpapahalagang Pilinong taglay nito, ay nagbibigay-hugis sa kayariang pagkatao ng mga San Juliananon at ang kanilang pagkatao ay humuhulma sa kanilang damdamin at pag-iisip. Ang kabutuhan ng damdamin at kaisipang makikita sa mga San Juliananon ay buhat sa mga pagpapahalagang Pilipinong kanilang tinataglay.

Nagbigay ng dalawang uri ng pagkatao si Timbreza, ito ay ang kawalang-karahasan at ang dipensibong sangkap.[17] Mauuri sa dalawang ito ang mga pagpapahalagang Pilipinong natukoy

[16] Florentino Timbreza, "Pagkataong Pilipino: Kaalaman, gamit at etika," Malay 5, no. 2 (1986): 12, nakuha noong Abril 26, 2018, https://ejournals.ph/article.php?id=10225.

[17] Florentino Timbreza, "Pagkataong Pilipino," 13-21.

sa mga piling *siday*. Sa una nabibilang ang pagpapahalaga sa tiwala ng ibang tao o pagiging mapagkakatiwalaan, pagkakaisa, pagtupad sa pangako, pagtanaw ng utang na loob, pagmamahal sa kapwa, pagkamasunurin, kasipagan, pagpapahalaga sa pamilya, pananampalataya o pananalig sa Diyos, pagsunod o pakikinig sa payo, pagtataglay ng mabuting asal at pagmamahal ng anak sa kanyang magulang. Lahat ng mga nabanggit na pagpapahalaga ay tumutukoy sa paggalang sa sarili, sa pamilya at sa ibang tao at pagmamahalan. Mababakas dito na ang mga San Juliananon ay likas na mayroong damdamin at pag-iisip na di-marahas. Ayon kay Timbreza, ang kawalang-karahasan *(non-violence)* ay isa sa mga sangkap ng estrukturang –pagkatao ng mga Pilipino *(Filipino character structure)*.[18]

Samantala, nasa ikalawang uri naman ng pagkatao, ang dipensibang sangkap, ang pagmamahal sa bayan, pagpapahalaga sa kalikasan, pagpapahalaga sa pamilya, pagsasaalang-alang sa kaligtasan ng iba at ang pagpapahalaga sa kababaihan. Naipakikita sa mga pagpapahalagang ito na ang mga San Juliananon ay handang mag-alay ng kanilang buhay alang-alang lamang sa kanyang bayan, pamilya, sa biyayang likas na yaman at sa mga kababaihang malalapit sa kanilang puso. Ang San Juliananon ay nakahandang magtanggol ng kanyang sarili at ng mga tao at bagay na mahalaga sa kanya kapag nilalapastangan at niyuyurakan na ang kanya o kanilang karapatan.

Maiuugnay din ang pagkatao ng mga San Juliananon sa teorya ni Prospero Covar, na ang pagkataong Pilipino ay parang isang banga, isang sisidlan na banga, may labas, loob at lalim.[19] Sa ilalim tumatahan ang kaluluwa kaniig ang budhi. Kung gagamitin ang metapor na ito ni Covar sa pagkatao ng mga San Juliananon bilang mga Waray o Samarnon, ang labas ay tutukoy sa pagkataong nililok na ng kanilang karanasan tulad halimbawa ng mga masasamang imaheng ipinukol sa kanila sa mahabang panahon: mga taong dapat katakutan dahil sa pagiging kawatan o mamamatay tao tulad ng mga *Waray-Waray Gang* na sikat sa Kamaynilaan, ang pagtataglay ng kapangyarihang makapanakit ng iba tulad “*pagbabarang*” o pangkukulam at ang pag-iwas sa kanila ng ibang tao dahil

[18] Florentino Timbreza, “Pagkataong Pilipino,” 13.

[19] Michael Charlestone Chua, “Kaalamang bayang dalumat ng pagkataong Pilipino ni Prospero Covar,” (lekturang propesoryal, Unibersidad ng Pilipinas, Lungsod Quezon, Marso 3, 1993). https://bangkanixiao.files.wordpress.com/2012/09/covar-kaalamang-bayang-dalumat-ng-pagkataong-pilipino.pdf

sa katapangang taglay na ipinakikita sa mga palabas tulad sa pelikula at mga serye sa telebisyon. Kung atin namang sisipatin ang konteksto ng loob, na ayon kay Chua, ay maaaring lagyan ng laman, makikita natin ang mga impluwensyang pumasok tulad ng kaugaliang idinulot ng pananakop ng mga Espanyol at Amerikano sa bansa, pagbabago ng panahon tulad ng paggamit ng teknolohiya sa kasalukuyan, at ang kultura ng iba na dala ng mga dayo o ng mga San Juliananon na nagpapabalik-balik sa kanilang lugar.[20] Ang mga ito, ayon pa sa teoya ni Covar, ang paglalangkap o pagsapi ng mga impluwensya, ay nakapagbago sa kanilang pagkatao na makikita sa kanilang kilos at gawa.

Subalit kung titingnan natin, na parang isang banga, at unti-unting uungkatin ang lalim ng kanilang pagkatao, tulad ng pag-aaral na ito, malalaman natin ang kalinisan ng kanilang kaluluwa at budhi na ipinakikita ng mga pagpapahalagang Pilipinong kanilang taglay tulad ng pagkakaroon ng kabutihang-asal; pagmamahal sa pamilya, kapwa at bayan; pagiging masunurin; mabuting pakikitungo sa kapwa, at iba pa. Ito ang tunay na kaluluwang nagpapagalaw sa buhay ng mga San Juliananon na makikita sa kanilang kultura, ang pagnanais ng isang payak at tahimik na pamumuhay at ang paghahangad ng buhay na payapa at malaya.

Sa kabuuan, ang mga pagpapahalagang Pilipinong natukoy sa mga piling siday, ay nagpapakita pa rin ng natatanging pagkataong nagbibigay ng kanilang sariling identidad bilang mga San Juliananon at mga Pilipino. Ito ay bahagi ng kanilang kulturang patuloy na naisasalin-salin sa iba't ibang mga henerasyon, na siyang pinagmumulan ng kanilang mabubuting damdamin at kaisipan, na nararapat na panatilihing buhay bilang saligan sa pag-abot ng kanilang mga hangarin sa buhay.

## Talasanggunian

Adanza, Jonathan. "Traversing 21st Century Filipino Values and Clinical Competence of Nurses in Selected Healthcare Institutions in Bacoor City, Cavite." Isang papel na iniharap sa DLSU Research Congress 2014, De La Salle University, Manila, Marso 6-8, 2014. http://www.dlsu.edu.ph/conferences/dlsu_research_congress/2014/pdf/proceedings /LCCS-I-001-FT.pdf.

[20] Michael Charlestone Chua, "Kaalamang bayang dalumat ng pagkataong Pilipino."

Arrogante, Jose. Panitikang Filipino: Binagong Edisyon. Quezon City: National Bookstore, 2004.

Bulatao, Jaime at Vitaliano Gorospe. Split-Level Christianity/ Christian Renewal of Filipino Value. Quezon City: Ateneo University Press, 1966. Cabasal, Pernalyn, "Analysis of Selected Philippine Short Stories from 2000 to 2010," Di limbag na tesis, University of Northern Philippines, 2012.

Chua, Michael Charlestone, "Kaalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino ni Prospero Covar," nakuha noong Mayo 12, 2018. https://bangkanixiao.files.wordpress.com/2012/09/covar-kaalamang-bayang-dalumat-ng-pagkataong-pilipino.pdf.

Cruz, Isagani at Ester Daroy, How to Teach Literature. Manila: De La Salle University Press, 1988.

De la Rosa, Lydia, "21st Century Ninorte Samarnon Siday: A Collection and Translation." Di limbag na disertasyon, De La Salle University, 2000.

De la Rosa, Lydia, "Community Values Reflected in the Folktales of Barrio Salvacion, Bobon, Northern Samar, Di Limbag na Tesis, Centro Escolar University, 1978.

Galigao, Regina, "Filipino Values in Selected Cebuano Folklore: Basis for a Proposed Course Syllabus," Di limbag na tesis, University of San Jose – Recoletos, 1997.

Gupta, Pallavi, "Degradation of Human Values in Higher Education: An Analysis." International Journal of Research – Granthaalayah 4, no. 1 (2016): 165-170. http://granthaalayah.com/Articles/Vol4Iss1/21_IJRG16_A01_34.pdf.

Loberio, Clarizza, "Sulyap sa panulaan ng makabagong panahon: Isang paglalarawan ng kulturang Filipino," Di limbag na tesis, Pamantasan ng Silangang Pilipinas, 2010.

Ochoa, Danielle, "Parental Socialization of Moral Behaviour in the Context of Poverty. Philippine Journal of Psychology 47, no.1 (2014) Nakuha noong Marso 11, 2018. http://ejournals.ph/form/cite.php?id=3886.

Pakizeh, Al, Jochen Gebauer, at Gebauer Maio, "Basic Human Values: Inter-value Structure in Memory. Journal of Experimental Social Psychology 43, 458-465 (2007). http:// citeseerx.ist.psu.edu/viewdoc/download?doi=10.1.1.421.9084&rep=rep1&type=pdf

Palada, Jonas, Hingyap: Ha Hibaro han Estehanon nga Literatura. Borongan City: JD's Printing Press, 2007.

Rosario, Aileen Joy, "Analysis of selected Iloko poems by Godofredo S. Reyes," Di limbag na tesis. University of Northern Philippines, 2009.

Schwartz, Shalom, "Basic Human Values: An Overview," Nakuha noong Marso 18, 2018. http://segr-did2.fmag.unict.it/allegati/convegno%207-8-10-05/schwartzpaper.pdf.

Schwartz, Shalom, "An Overview of the Schwartz Theory of Basic Values," Online Readings in Psychology and Culture 2, no. 1 (2012). https://doi.org/10.9707/2307-0919.1116.

Serdoncillo, Jovita, "Pagsasalin at Pagsusuring Kultural sa Panulaan ni Iluminado Lucente at ang Implikasyon Nito sa Pagtuturo ng Panitikang Pilipino," Di

limbag na tesis, Leyte State College. 1982.
Shivalli, Rajeshwari, Chitagubbi, Geeta, at Devendrapa, S, "Perception of values of present college youth towards marriage," International Journal of Farm Sciences 2, no.1 (2012): 153-158. https://www.inflibnet.ac.in/ojs/index.php/IJFS/article/download/2176/1784
Silay, Nur, "A Survey of Values Education and Its Connection with Character Education," Academic Journal of Interdisciplinary Studies 2, no. 3 (2013): 131-138. http://www.mcser.org/journal/index.php/ajis/article/viewFile/1398/1423.
Timbreza, Florentino, Filipino Values Today, Navotas, Metro Manila: Navotas Press, 2003.
Timbreza, Florentino, "Pagkataong Pilipino: Kaalaman, Gamit at Etika," Malay 5, no.2 (1986):11 – 21. https://ejournals.ph/article.php?id=10225.